Cal OES

GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

# PLANO NG ESTADO NG CALIFORNIA
## SA PAGBAWAS NG PANGANIB

**Volume 1**


**Gavin Newsom**
Gobernador

**Nancy Ward**
Direktor
Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emergency ng Gobernador ng California


**2023**

## Pangkalahatang Buod

Na-update noong Nobyembre 10, 2023

# PANGKALAHATANG BUOD

Nakatuon ang Estado ng California sa pagbuo ng katatagan para sa mga mapanganib na pangyayari sa hinaharap sa lahat ng komunidad sa pamamagitan ng patuloy na mga pagsusumikap sa pagbawas ng panganib. Tirahan ng halos 12 porsyento ng populasyon ng Estados Unidos, ang California ay may iba't ibang kultura, etniko, ekonomiko, ekolohiya at pulitika. Ang Estado ay madaling maapektuhan ng malawak na hanay ng natural at hindi natural na mga panganib na nakaapekto at magpapatuloy na makaapekto sa mga tao, ari-arian, kapaligiran, imprastraktura at ekonomiya nito. Nakaranas ang Californian ng 72 pederal na mga pagdedeklara ng sakuna simula 2018 (mula Hunyo 1, 2023) sa tatlong uri ng deklarasyon (malaking sakuna (5), emergency (13), at tulong sa pamamahala ng sunog (54)). Kasama sa bilang ng mga deklarasyon ang ilang duplikasyon dahil sa tulong sa pamamahala ng sunog at Mga Deklarasyon ng Emergency na umaabot sa status na Pagdedeklara ng Malaking Sakuna . Nangyari rin sa loob ng panahong ito ang maraming sakuna sa Estado at lugar. Ang pace at sukatan ng mga sakuna ay magpapatuloy na dagdagan ang mga epekto ng pagbabago ng klima. Patuloy na aktibong nagsusumikap ang Estado para matugunan ang mga posibleng epekto mula sa malawak na hanay ng natural at hindi natural na mga panganib at para bumuo ng katatagan sa komunidad.

Binago ng Batas sa Pagbawas ng Sakuna ng 2000 (Disaster Mitigation Act of 2000,(DMA) ang Batas sa Tulong sa Sakuna at Tulong sa Emergecy ng Robert T. Stafford Disaster (Robert T. Stafford Relief and Emergency Assistance Act) para isama ang Seksyon 322, na hinihiling sa mga estado na magkaroon ng plano sa pagbawas ng panganib na aprubado ng Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emergency (Federal Emergency Management Agency, FEMA) para maging kwalipikado para sa pederal na tulong sa sakuna at pagpopondo sa pagbawas ng panganib. Ang plano sa pagbawas ng panganib ay plano ng estado na bawasan ang pinsala sa buhay, ari-arian at kapaligiran mula sa mga sakuna sa hinaharap. Nagpapanatili ang California ng Enhanced Plan, ipinapakita ang pagtuon ng pansin ng Estado sa pangmatagalang pagbawas ng panganib at nagbibigay ng karagdagang pagpopondo para sa pagbawas mula sa FEMA pagkatapos ng Mga Pagdedeklara ng Presidente ng Malaking Sakuna. Ipinapakita ng Enhanced Plan ng Estado ang

pamamaraan ng Estado sa kabuuan at pinagsamang mga pagsusumikap sa pagbawas at kapasidad, mga mapagkukunan, at mga kakayahan ng Estado para mapamahalaan ang mabisang mga programa ng tulong na salapi para sa pagbawas.

Habang nagpapatuloy na lumaki at umunlad ang mga komunidad at populasyon sa gitna ng patuloy na mga epekto ng pagbabago ng klima, madaragdagan ang mga panganib mula sa lahat ng panganib na kakaharapin ng California sa mga darating na dekada. Nakita na ito sa mas matindi at malawak na mga wildfire at madalas na mga araw ng matinding init. Para bawasan ang mga panganib na ito at sabihin ang gagawing desisyon sa hinaharap, ina-update ng California ang Plano ng Estado sa Pagbawas ng Panganib (State Hazard Mitigation Plan, SHMP o Plano) para ipakita ang isinama, maraming level, maraming sektor, at nagtutulungang pamamaraan para bawasan ang panganib na bubuo ng katatagan ng komunidad at isusulong ang patas na mga resulta. Tinutukoy ng SHMP ng 2023 ang mga panganib na sinabi ng mga inaasahan batay sa agham at ang mga nakaraang sakuna sa California at inililista ang mga mithiin, layunin, estratehiya, at mga aksyon ng Estado para sa pagbawas ng panganib sa hinaharap. Ang nagpapatupad ng naplano, maaaring isakatuparan, at sulit na mga hakbang sa pagbawas ay binabawasan ang pagkamatay, pagkawala ng ari-arian, at ang kapaligiran at inaayos ang proseso ng pagbawi mula sa sakuna.

Tinutukoy ng Patnubay ng FEMA sa Tulong sa Pagbawas ng Panganib ang pagbawas ng panganib bilang pinapanatiling pagsusumikap para bawasan ang pagkamatay at pagkawala ng ari-arian o pag- alis ng mga epekto ng mga natural na sakuna, mga panganib na sanhi ng klima, at mga banta na dulot ng tao. Gumagawa ito ng mas ligtas na mga komunidad at tumutulong na mapanatili ang kalidad ng buhay. Ang mabisang pagbawas ng panganib ay nangangailangan ng pag-unawa ng lahat ng panganib at napapanatiling pamumuhunan sa pangmatagalang kapakanan ng komunidad sa pamamagitan ng pagpapatupad ng panandalian at pangmatagalang mga estratehiya bago ang susunod na sakuna (FEMA 2023).

Ang SHMP ay nagbibigay ng kabuuang ideya ng nakaraang sakuna at landscape ng California, binabalangkas ang mga pagsusumikap ng Seksyon para sa Pagbawas ng Panganib ng Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emergency ng Gobernador ng California (California Governor's Office of Emergency Services, Cal OES) para bawasan ang mga nawala o pagkalugi na sanhi ng sakuna, at inilalarawan ang mga estratehiyang ginagamit para para magbigay ng mabisa at komprehensibong programa sa pagbawas ng panganib sa buong estado. Binuo ang Plano kasama ng

grupo ng mga stakeholder ng pederal, Estado, Tribal Nation, lokal at hindi gobyerno na binubuo ng maraming disiplina, kasama rin ang input mula sa publiko. Isinasaad ng Plano ang estratehiya sa pagbawas ng panganib batay sa agham para suportahan ang paggawa ng desisyon sa buong Estado at lokal na gobyerno para patas na isulong ang katatagan ng komunidad. Ang karagdagang benepisyo ng SHMP ay patuloy na pagiging kwalipikado para sa pederal na tulong at dinagdagang pagpopondo para suportahan ang mga aktibidad sa pagbawas at pagsasaayos o pagpapalit ng pampublikong imprastraktura na nasira sa panahon ng mga sakunang idineklara ng pederal.

Ipinapakita ng na-update na SHMP ang pagtuon ng Estado para bawasan o alisin ang panganib at ang epekto ng mga sakuna para bumuo ng mas matatag na Estado, bawasan ang mga nawala o pagkalugi sa oras ng mga mapanganib na pangyayari sa hinaharap, at isulong ang mas mabilis na pagbawi pagkatapos ng mga sakuna. Para dagdagan ang nilalaman nito at panatilihing nakikibahagi ang publiko sa patuloy na mga hakbang sa pagbawas, ang Plano ay ang aktwal na dokumento na magpapatuloy na i-update nang alinsunod sa proseso ng pagpapanatili ng plano na nakabalangkas sa Kabanata 48.

Ang Plano ng 2023 ay ang panlimang update sa SHMP ng California. Inayos ang Plano para pagandahin ang kakayahang mabasa nito para sa publiko habang pinapanatili ang naaangkop na detalyadong pagsusuri at maisasakatuparang mga estratehiya para suportahan ang mga aktibidad sa pagbawas ng panganib ng Estado sa hinaharap. Ang SHMP ay teknikal na sanggunian para sa mga county, lungsod, espesyal na distrito, Tribal Nations, at iba pang mga lokal na gobyerno habang ina-update nila ang kanilang mga lokal na plano sa pagbawas ng panganib (local hazard mitigation plans, mga LHMP). Ang SHMP ay nagpapakita ng matibay, at na-update na pag-assess ng panganib na nag-uugnay sa mga dati nang mapagkukunan ng California sa pinakamagandang available na data at climate science. Ang SHMP ay ipapatupad ng Estado mula sa pagpapatibay ng Plano noong 2023 hanggang sa susunod na update nito sa 2028.

Ipinapakita ng SHMP ng 2023 ang:

- pagtuon ng California sa komprehensibo at isinamang programa sa pagbawas
- Pagsama sa pederal, Pang-estado, Tribal Nation, at ng lokal na mga ahensya sa mga kakayahan sa pagbawas at pare-parehong mga layunin para bawasan ang mga panganib mula sa mga natural na panganib

- Matagumpay na pagpapatupad ng mga programa sa pagbawas para makamit ang mga layunin sa pagbawas
- Ang kakayahan ng Estado na matugunan ang sukatan ng performance sa pamamahala ng tulong na salapi na hinihiling ng FEMA para mapanatili ang plano ng Enhanced State

Inayos ang Plano ng 2023 para maging alisunod sa Gabay na Patakaran sa Pagpaplano ng Pagbawas ng Estado ng FEMA. Ang SHMP ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi:

- Background na Impormasyon
- Mga Profile at Pag-assess ng Panganib para sa Mga Natural na Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin
- Mga Profile para sa Iba Pang Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin
- Pagbawas ng Panganib para sa Mga Lokal na Hurisdiksyon
- Estratehiya sa Pagbawas
- Mga Kinakailangan sa Plano ng Enhanced State
- Mga appendix na sumusuporta sa Volume 1

# NAKARAANG PANGANIB SA CALIFORNIA

Ang epekto ng mga natural na sakuna sa California mula noong 1950 ay naging makabuluhan:

- 365 Mga Pagdedeklara ng Emergency ng Estado
- 337 mga pagdedeklara ng sakuna ng pederal (kasama rito ang ilang duplikasyon dahil sa tulong sa pamamahala ng sunog at Mga Pagdedeklara ng Emergency na umabot sa Pagdedeklara ng Malaking Sakuna na status.)
- Mahigit sa 900 pagkamatay
- $20.7 bilyon sa mga gastos na pinangangasiwaan ng Estado

Simula sa update sa SHMP noong 2018, nakaranas ang Estado ng 37 Mga Pagdedeklara ng Emergency ng Estado at 72 sakuna na idineklara ng pederal, na nagreresulta sa hindi bababa sa 185 pagkamatay at $22.8 bilyon sa mga gastos na pinangangasiwaan ng Estado. Habang nagpapatuloy na magbago ang klima, ayon sa agham, ang lawak, bilis, at tindi ng mga sakuna ay magpapatuloy na tumaas, na magreresulta sa nadagdagang pagdurusa, pagkawala ng imprastraktura, pinsala sa

kapaligiran, mas matagal na panahon para makabawi sa sakuna, at tumataas na mga gastos na sanhi ng sakuna.

Lalo pang nakikita sa aktibidad ng wildfire ng Estado ang pagtindi ng sakuna. Ang pitong pinakamalaking wildfire sa kasaysayan ng California ay nangyari mula sa update sa SHMP noong 2018. Kalahati ng karamihan sa nakakasirang mga wildfire, ayon sa bilang ng mga nasirang istraktura, ay nangyari rin mula sa update noong 2018. Para matugunan ang mga panganib na ito, ang pagpapatupad ng mga aksyon sa pagbawas ay mahalaga sa pagbuo ng katatagan ng komunidad at pagprotekta sa mga komunidad ng California sa mga darating na dekada.

# MGA PANGANIB NA KASAMA SA SHMP

Ang SHMP ng 2023 ay may kasamang 34 na panganib. Sa kabuuan ng bilang na ito, 15 natural na panganib ang ganap na na-assess sa pamamagitan ng paglalarawan sa lokasyon ng panganib, mga nakaraang pangyayari, pagsusuri ng epekto, posibilidad ng mga kaganapan sa hinaharap, kahinaan ng mga asset ng Estado, paano kasalukuyang binabawasan ng Estado ang panganib, at mga bagong oportunidad sa pagbawas. Noong nakaraan, pinaka-apektado ang California ng mga pagbaha, mga wildfire, at mga lindol. Dahil sa mga epekto ng pagbabago ng klima, ang tagtuyot at matinding init ay naging makabuluhang mga panganib sa update sa SHMP ng 2023. May 19 na iba pang panganib na dapat pagtuunan ng pansin, kasama ang mga hindi natural na panganib, na nailarawan din.

Ang mga natural at iba pang mga panganib ay inaayos nang alinsunod sa rating ng epekto ng bawat panganib. Ang rating ng epekto na isinasagawa para sa SHMP ay batay sa pangunahing depinisyon ng panganib: Probabilidad x Epekto = Panganib.

Karamihan sa mga panganib ay dinaragdagan o pinabibilis ng mga epekto ng pagbabago ng klima. Magpapatuloy na palubhain ng pagbabago ng klima ang dalas, lawak, at tindi ng mga panganib sa buong Estado. Inilalarawan ng pag-assess ng bawat natural na panganib ang nagbabagong klima ng California, paano maaapektuhan ng pagbabago ng klima ang mga natural na panganib, at kung paano kumikilos ang Estado para tugunan ang mga hamon. Ang mga epekto ng panganib sa mga komunidad na dapat bigyan ng prayoridad sa pagiging patas ay tinatalakay din sa lahat ng kabanata ng panganib.

| Mga Ikinababahalang Natural na Panganib | Iba Pang Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin |
|---|---|
| ▪ Lindol<br>▪ Katabi ng Ilog, Sapa, at Pagbaha ng Alluvium (Naipong Lupa)<br>▪ Matinding Init<br>▪ Matinding Lamig o Pagyeyelo<br>▪ Wildfire<br>▪ Matinding Hangin, Panahon, at Mga Bagyo<br>▪ Pagtaas ng Level ng Dagat, Pagbaha sa Baybayin, at Pagguho ng Lupa<br>▪ Landslide, Pag-agos ng Debris, at Iba Pang Paggalaw ng Lupa o Bato<br>▪ Tagtuyot<br>▪ Tsunami<br>▪ Pagkasira ng Dike<br>▪ Pagkasira ng Levee (Breakwater)<br>▪ Pagguho ng Niyebe<br>▪ Paglubog ng Lupa<br>▪ Bulkan | ▪ Sunog ng Istraktura sa Lungsod<br>▪ Iba Pang Mga Posibleng Sanhi ng Pangmatagalang Kawalan ng Kuryente<br>▪ Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS)<br>▪ Terorismo<br>▪ Polusyon sa Hangin<br>▪ Kakulangan sa Enerhiya<br>▪ Mga Cyber Threat<br>▪ Pagkamatay ng mga Puno<br>▪ Mga Mapanganib na Specie<br>▪ Epidemya, Pandemya, at Sakit na Sanhi ng Bakterya, Virus, at Parasitiko (Vector-Borne)<br>▪ Kaguluhang Sibil<br>▪ Mga Panganib ng Linya ng Tubo ng Natural Gas<br>▪ Paglabas ng Mapanganib na Mga Materyal<br>▪ Mga Aksidente sa Transportasyon na Nagreresulta sa Pagsabog<br>▪ Pag-stimulate ng Balon at Paglalagay ng Tubig na Mataas ang Presyon (Hydraulic Fracturing)<br>▪ Mga Oil Spill<br>▪ Electromagnetic Pulse (EMP) Attack<br>▪ Mga Radiological na Aksidente<br>▪ Geomagnetic Storm |

# PAG-ASSESS NG PANGANIB AYON SA COUNTY

Ang California ay may 58 county, 482 lungsod, at mahigit 1,500 mga espesyal na distrito na kwalipikado para bumuo ng mga LHMP. Bumuo ng maraming LHMP sa maraming hurisdiksyon, na pinangunahan ng mga county o mga grupo ng mga lungsod. Marami rin sa mga plano sa iisang hurisdiksyon ang inihanda ng mga lungsod at mga espesyal na distrito. Ang mga sumusunod na panganib ay pinakakaraniwang nira-rank bilang

may mataas na alalahanin sa mga LHMP ng county:

- Ang wildfire ay natukoy na panganib ng 57 county, sa mga iyon, 45 county ang tumukoy dito bilang panganib na may mataas na alalahanin
- Ang lindol ay natukoy na panganib ng 57 county, sa mga iyon, 46 na county ang tumukoy dito bilang panganib na may mataas na alalahanin
- Ang pagbaha ay natukoy na panganib ng 57 county, sa mga iyon, 38 county ang tumukoy dito bilang panganib na may mataas na alalahanin

# MGA AKSYON AT LAYUNIN SA PAGBAWAS

May tinukoy ang Estado na estratehiya sa pagbawas para bawasan o alisin ang mga pangmatagalang kahinaan mula sa mga ikinababahalang panganib. Ang estratehiya na binuo sa pamamagitan ng proseso ng maraming stakeholder, ay itinatakda ang mga prayoridad ng Estado sa pagbawas at tinutulungan ang mga lokal na gobyerno sa pag- update ng mga LHMP. Ang estratehiya sa pagbawas, na kinabibilangan ng 92 aksyon sa pagbawas, ay batay sa mga sumusunod na layunin na nagpapakita ng mga kasalukuyang prayoridad ng Estado:

- **Layunin 1**—Binabawasan nang malaki ang panganib sa buhay, mga lifeline sa komunidad, ang kapaligiran, ari-arian, at imprastraktura sa pamamagitan ng pagpaplano at pagpapatupad ng pagbawas ng panganib sa buong komunidad at mga estratehiya sa katatagan.

- **Layunin 2**—Bumuo ng kapasidad at mga kakayahan para dagdagan ang katatagan sa sakuna sa mga populasyong hindi gaanong napaglilingkuran dati, mga indibiduwal na may mga pangangailangan sa access at pagganap, at mga komunidad na hindi proporsyon na naapektuhan ng mga sakuna at pagbabago ng klima.

- **Layunin 3**—Isama ang metrics, mga tool, at mga estratehiya sa pagkakapantay-pantay sa lahat ng pagpaplano sa pagbawas, patakaran, pagpopondo,

outreach, at mga pagsusumikap sa pagpapatupad.

- **Layunin 4**—Gamitin ang pinakamagandang available na data ng agham at maaasahang data para idisenyo, ipatupad, at bigyan ng prayoridad ang mga proyekto na nagpapabuti sa katatagan sa mga natural na panganib at mga epekto ng pagbabago ng klima.
- **Layunin 5**—Isama ang mga prinsipyo sa pagbawas sa mga batas, regulasyon, patakaran, at gabay para suportahan ang patas na mga resulta para magbenepisyo ang buong komunidad.
- **Layunin 6**—Bawasan nang malaki ang mga hadlang sa nasa oras, mahusay, at mabisang pagpaplano at aksyon sa pagbawas ng panganib.

# DINAGDAGANG PLANO (ENHANCED PLAN)

Nakatuon ang California sa patuloy at pinangangasiwaang mga pagsusumikap para bawasan ang panganib mula sa lahat ng panganib, protektahan ang buhay at ari-arian, at gumawa ng mas matatag na mga komunidad. Inihanda ang SHMP ng 2023 bilang Dinagdagang SHMP (Enhanced SMP), na nagpapaktia ng pinakamaraming pagtuon sa pagbawas ng panganib. Sa ilalim ng pagtatalagang ito, ang Estado ay isang maagap na namumuno sa pagpapatupad ng komprehensibo, at maraming disiplinang pagbawas sa buong estado. Sa Enhanced SHMP na ito, gumagamit ang California ng mga pagtutulungan at mapagkukunan sa buong komunidad hanggang sa lawak para dagdagan ang katatagan at bawasan ang panganib mula sa mga pagkawala o pagkalugi dahil sa sakuna sa hinaharap. Sa pamamagitan ng matibay na pagpaplano at pinangangasiwaang aksyon at pamumuhunan sa pagbawas, ang Estado ng California ay nagtutuon ng pansin sa pagbuo ng matatag na mga komunidad para sa lahat.

# PAGPAPATIBAY AT PAGPAPATUPAD NG PLANO

Kapag inaprubahan ng FEMA ang natapos na SHMP ng 2023 ayon sa kondisyon, pormal na pagtitibayin ng Direktor ng Cal OES, na gumaganap bilang itinalagang opisyal ng Gobernador ang SHMP. Ipapasa ang sulat ng

pagpapatibay ng Direktor sa FEMA para matapos ang proseso ng pag-apruba. Kasama sa Pangkalahatang Buod na ito ang sulat ng pagpapatibay at pinal na sulat ng pag-apruba.

GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

NANCY WARD
DIREKTOR

Agosto 23, 2023

# PAHAYAG NG PAGPAPATIBAY NG PLANO

Bilang Direktor ng Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emergency ng Gobernador ng California (Office of Emergency Services, Cal OES) at ang Awtorisadong Kinatawan ng Gobernador, ikinalulugod kong pormal na pagtibayin ang Plano ng Estado ng California sa Pagbawas ng Panganib ng 2023 (State Hazard Mitigation Plan, SHMP) para sa Estado ng California.

Sa limang taon mula nang maaprubahan at mapagtibay ang SHMP ng 2018, nakaranas ang California ng ilan sa pinakamalaki at pinaka-mapanirang mga sakuna sa naitalang kasaysayan ng Estado. Nagiging mas madalas ang mga sakuna at nagreresulta sa mas malaking mga epekto, at inaasahang tumaas ang trend na ito nang mas malaki kaysa sa mga nakaraang taon. Sa patuloy na paglaki ng populasyon ng Estado kasama ang pinaka-karaniwang mga projection ng klima, dapat patuloy na dagdagan ng California ang at mamuhan sa mga aktibidad sa pagbawas at gumawa ng mga aksyon para bawasan ang mga panganib at suportahan ang mga komunidad na madaling maapektuhan.

Ang update sa SHMP ng 2023 ay itinutuloy ang pagtuon ng California sa pagbawas o pag-alis ng mga epekto ng mga sakunang sanhi ng mga natural na panganib at mga panganib na sanhi ng tao. Ipinapakita rin ng update na ito ang pinaka-komprehensibong pagsasama hanggang sa kasalukuyan ng mga estratehiya ng Estado sa pagbawas at pagbago para sa klima, at ipinapakita ang mga pagbibigay ng prayoridad ng Estado ng California sa pagiging patas.

Ang Estado ay kailangang suriin at baguhin ang SHMP nito para aprubahan ng Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emergency (Federal Emergency Management Agency, FEMA) para matiyak ang pagiging kwalipikadong makatanggap ng gawad na nauugnay sa mga sumusunod na oportunidad sa pagpopondo:

- Mga Tulong na Salapi sa Pagbuo ng Matatag na Imprastraktura at Mga Komunidad (Building Resilient Infrastructure and Communities, BRIC)
- Mga Tulong na Salapi sa Tulong sa Pamamahala ng Sunog (Fire Management Assistance Grants, FMAG)
- Programa ng Tulong sa Pagbawas ng Pagbaha (Flood Mitigation Assistance, FMA)

3650 SCHRIEVER AVENUE, MATHER, CA 95655
(916) 845-8506 TELEPONO (916) 845-8511 FAX
www.CalOES.ca.gov

- Programa ng Tulong na Salapi sa Pagbawas ng Panganib (Hazard Mitigation Grant Program, HMGP)
- HMGP Pagkatapos ng Sunog
- Paggastos na Iniutos ng Kongreso para sa Pagbawas Bago ang Sakuna (Pre-Disaster Mitigation Congressionally Directed Spending, LPDM)
- Pampublikong Tulong (Public Assistance, PA) Mga Kategorya ng Permanenteng Trabaho (Kategorya C-G)
- Programa ng Tulong na Salapi para sa Rehabilitasyon ng Dike na May Potensyal sa Mataas na Panganib (Rehabilitation of High Hazard Potential Dam, HHPD)
- Programa ng Pondo sa Revolving Loan para sa Pagprotekta ng Kinabukasan

Dagdag pa rito, nananatiling kwalipikado ang Estado para sa nadagdagang pederal na bahagi sa gastos para sa mga tulong na salaping ibinigay sa ilalim ng programa ng FMA.

Tinawag muli ng FEMA ang California bilang Enhanced State bilang pagkilala sa mga pagsusumikap ng Estado na nalalampasan ang mga kinakailangan ng Pamantayan. Patuloy na nagpapakita ang California ng hindi nagbabagong pagtuon ng California sa pangmatagalang pagbawas ng panganib at nananatiling maagap na pinuno sa pagpapatupad ng komprehensibo at maraming disiplinang pagbawas sa buong estado. Bilang Enhanced State, tumatanggap ang California ng karagdagang limang porsyento sa mga pondo ng HMGP pagkatapos ng sakuna.

Sa pagpapatibay ng SHMP ng 2023, sumasang-ayon ang Estado na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at mga regulasyon ng estado at pederal gaya ng itinakda sa mga pagtiyak na nakalakip sa SHMP ng 2023 at ia-update ang SHMP nang isang beses bawat limang taon. Sa pamamagitan ng pagpapatupad, pagsubaybay, at makabuluhang integrasyon sa buong gobyerno at mga pribadong sektor, patuloy na tinitiyak ng SHMP ang mas ligtas at mas matatag na California.

Taos-puso,

Nancy Ward

NANCY WARD
Direktor

3650 SCHRIEVER AVENUE, MATHER, CA 95655
(916) 845-8506 TELEPONO (916) 845-8511 FAX
www.CalOES.ca.gov

**U.S. Department of Homeland Security**
FEMA Region 9
1111 Broadway, Suite 1200
Oakland, CA 94607

FEMA

Agosto 30, 2023

Bb. Nancy Ward
Direktor
California Governor's Office of Emergency Services
3650 Schriever Avenue
Mather, CA 95655

Reference: Pag-apruba ng Plano ng California para sa Pagbawas ng Panganib

Minamahal na Bb. Ward:

Inaprubahan ng Federal Emergency Management Agency (FEMA) Region 9 ang na-update na Plano ng Estado ng California para sa Pagbawas ng Panganib na magkakabisa sa Agosto 30, 2023, hanggang Agosto 29, 2028. Inaprubahan ang planong ito nang alinsunod sa naaangkop na mga regulasyon sa pagpaplano ng pagbawas at mga hinihiling ng patakaran.[1]

Dagdag pa rito, natutugunan ng planong ito ang mga kinakailangan para matugunan ang mga panganib ng wildfire at mga hakbang sa pagbawas at ang mga kinakailangan para matugunan ang lahat ng panganib ng dike.

Ang inaprubahang plano ng estado sa pagbawas ng panganib ay isang kondisyon ng pagtanggap ng ilang hindi pang-emergency na tulong at mga tulong na salapi sa pagbawas ng FEMA mula sa mga sumusunod na programa:

- Pampulikong Tulong Kategorya C-G (PA C-G)
- Mga Tulong na Salapi sa Tulong sa Pamamahala ng Sunog (Fire Management Assistance Grants, FMAG)
- Programa ng Tulong na Salapi sa Pagbawas ng Panganib (Hazard Mitigation Grant Program, HMGP)
- Programa ng Tulong na Salapi sa Pagbawas ng Panganib Pagkatapos ng Sunog (Hazard Mitigation Grant Program Post Fire, HMGP-PF)
- Pagbuo ng Matatag na Imprastaktura at Mga Komunidad (Building Resilient Infrastructure and Communities, BRIC)
- Tulong sa Pagbawas ng Pagbaha (Flood Mitigation Assistance, FMA)
- Programa ng Rehabilitasyon ng Dike na May Potensyal sa Mataas na Panganib (High Hazard Potential Dam, HHPD)

1 Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act (Stafford Act), gaya ng nabago; ang National Flood Insurance Act of 1968, gaya ng nabago; Title 44 Code of Federal Regulations (CFR) Part 201; at ang "Water Infrastructure Improvements for the Nation Act," o ang "WIIN Act," noong Disyembre 16, 2016, na nagbabago sa National Dam Safety Program Act (Pub. L. 92-367).

- Pondo sa Revolving Loan para sa Pagprotekta ng Kinabukasan (STORM RLF)
- Pagbawas Bago ang Sakuna (Pre-Disaster Mitigation, PDM)

Hindi ginagarantiya ng pag-apruba ng plano ng estado sa pagbawas ng panganib ang pagpopondo sa ilalim ng anumang programa ng FEMA. Mangyaring tingnan ang indibiduwal na tulong ng FEMA na hindi pang-emergency at patakaran sa programa ng tulong na salapi sa pagbawas at/o taunang Abiso ng Mga Oportunidad sa Pagpoponod para sa partikular na application at mga kinakailangan para maging kwalipikado para sa mga programa ng FEMA na nakalista sa itaas.

Ang mga plano ng Estado sa pagbawas ng panganib ay dapat i-update at isumite ulit sa FEMA Region 9 para aprubahan bawat limang taon. Kung hindi maa-update at maaaprubahan ang plano bago ang Agosto 29, 2028, ituturing ang plano bilang lumipas na, at hindi maglalaan ang FEMA ng mga pondo hangga't hindi naaaprubahan ang plano sa pagbawas.

Kung sa anumang oras sa panahon ng pag-apruba ng plano ay malalaman ng FEMA na hindi sinusunod ng estado ang lahat ng naaangkop na pederal na batas at regulasyon na may bisa sa mga panahon na natatanggap nito ang pagpopondo o hindi matutugunan ang mga pangako sa pagbawas, maaaring gumawa ng aksyon ang FEMA para iwasto ang hindi pagsunod (44 CFR §201.3[b][5] at §201.4[c][7]).

Kinikilala ng FEMA ang Estado ng California para sa karagdagang pagsusumikap at pangako sa pagbawas. Sa ilalim ng Seksyon 322 (42 U.S.C. 5165(e)), maaaring magbigay ng karagdagang pondo ng HMGP na hanggang 20% ng kabuuang tinatantiyang kwalipikadong tulong sa sakuna sa mga estado na may dinagdagang mga plano sa pagbawas ng panganib.

Ang pangalang “enhanced” ay pagkilala para sa mga estado na nangunguna sa pagpapatupad ng komprehensibong programa sa pagbawas ng panganib sa buong estado na nagreresulta sa mas ligtas, at mas napapanatiling mga komunidad.

Magbibigay ng paalala ang FEMA nang hindi bababa sa 12 buwan bago ang petsa ng pag-expire ng plano tungkol sa mga kahihinatnan ng hindi pagkakaroon ng aprubadong plano ng estado sa pagbawas ng panganib, na kinakailangan para mag-apply ng at tumanggap ng pagpopondo para sa tulong ng FEMA na hindi pang-emergency at mga programa ng tulong na salapi para sa pagbawas. Para patuloy na mag-apply at makatanggap ng pagpopondo mula sa mga programang nakalista sa pahina 1, dapat magsumite ng draft ng susunod na update sa plano ang estado bago matapos ang panahon ng pag-apruba at pahihintulutan ang sapat na oras para sa proseso ng pagsusuri at pag-apruba. Kasama rito ang anumang mga pagbabago, kung kailangan, at pormal na pagpapatibay ng estado kasunod ng pagpapasya ng FEMA na nakamit ng plano ang status na “maaaring aprubahan nakabinbin ang pagpapatibay (approvable pending adoption).”

Inaasahan naming makipagtulungan sa inyo para talakayin ang status ng programa ng estado sa pagbawas ng panganib bawat taon sa panahon ng pag-apruba ng planong ito. Kung mayroon kayong anumang tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Kathryn Lipiecki, Direktor ng Mitigation Division, sa telepono sa (510) 627-7100, o sa email sa kathryn.lipiecki@fema.dhs.gov.

Taos-puso,

ROBERT J FENTON JR Digitally signed by ROBERT J FENTON JR
Date: 2023.09.05 20:06:45 -10'00'

Robert Fenton
Regional Administrator
FEMA Region 9

Kalakip (1)
Tool sa Pagsusuri ng Plano ng Estado ng California, may petsang Agosto 30, 2023

cc: Christina Curry, Chief Deputy Director ng CalOES
Ryan Buras, Deputy Director ng CalOES
Ron Miller, Mitigation Quality Assurance Division Chief ng CalOES
Robyn Fennig, Planning Division Chief ng CalOES
Kathryn Lipiecki, Mitigation Division Director ng FEMA Region 9
Alison Kearns, Planning and Implementation Branch Chief ng FEMA Region